# ANG HABI NG HININGA AT IBA PANG TULA

Jose Velando Ogatis-I

# 1) ang habi ng hininga

Dosenang tag-araw ka na
Noong hinabi mo ang mga panaginip
Sa ating abaca.

Ang bawat hibla
Nagsama-sama
Tulad ng mga sapa nating
Dumaloy papunta sa lawa ng Sebu.

Sa pula at itim
Itinahi mo ang mga agila at usa
Sa T'nalak.

Ikaw ang tagahabi ng panaginip.

Kwarentang tag-araw ka na ngayon.
Humaharap sa bangungot
Ng pandemya ng hingal.

Ang bawat araw
Naghalu-halo.
Di na malaman ang pagitan
Ng Sabado at Linggo.

Nakaputi.
Pagod mong sinusulsi muli
ang mga buhay na pinupunit.

Ikaw ang tagahabi ng hininga.

# 2) sayaw ng pandemya

Sayaw ng paghingal
dahil sa walang tigil
na cha-cha ng mga polisiya.
Atras-abante, atras abante.
Sunod sa magulong ritmo
ng gobyernong inuubo:
*Face shield, no face shield*
*Lockdown, no lockdown*
*Close, open, close, open.*

Ikot at galaw na walang saysay
dahil sa mga hakbang
ng pangulo ng mura
na parehong kaliwa ang paa
sa pagbibigay pag-asa.

Habang ang pandemya
ay naging huling sayaw
ng marami…

Marami.

Marami ring tumayo
at tumigil sa pagsunod
sa mga sintunadong utos.
Umasa na sa susunod
na pumili ang bayan
ng mamumuno sa entablado,
ang galaw ng pinag-pares
na madla at gobyernong antay
ay magiging tama sa hulog
at tunay na sabay.

# 3) ang pelikula ng presidente ng pandemya

*Screenplay:*

"Change is coming."
"Idioto na corona ito."
"Shoot them dead."

*Cinematography:*

Deep focus tayo sa dolomite beach.
Dolly sa mga poste ng Skyway 3.
Ibahin ang anggulo ng mga numero.

*Editing:*

I-splice ang fake news sa binagong kasaysayan.
Burahin ang mga footage ng mga pangakong napako.
I-wipe ang mga dungis ng pulis.

*Sound and Music:*

Patahimikin ang boses ng malayang media.
Patugtugin ang himno ng Bagong Lipunan.
Lakasan ang ingay ng DDS.

*Acting:*

Umarte na alam ang ginagawa.
Huwag kalimutan ang tikas para mukhang masigla.
Umiyak para mukhang nababahala.

*Special Effects:*

Maglagay ng isda sa Manila Bay.
Magpasabog sa Mindanao.

Paramihin ang sumusuporta gamit ang software.

*Production Design:*

Gibain ang bahay ng mga lumad.
Magpagawa ng Voltes V cake para sa mañanita.
Ikabit ang tarpaulin ng anak ng Presidente.

*Direction:*

Wala.

# 4) ang tinig ng bagong binukot

Tinatanggap ko
Na ako ay iduyan sa *Ligbok* –
Ang wika nating pagal
Ang dila ng Panay-Bukidnon.

Tinatanggap kong
Maging prinsesang maganda sa lahat;
Suklayan ng iba;
Kumain ng piling gayat;
At magkwento ng ating mga alamat --
Bakit bumubulong ang mga lamok?
Bakit hinahabol ng araw ang buwan?
Ano ang pangalan ng unang binukot?

Tinatanggap ko
Ang kwento ng mga panang pinalipad
Ng ating mga nuno nang sila ay digmain;
Ang talim ng ating mga sandata;
At ang mga dasal ng pasasalamat.

Tinatanggap ko
Na sa pagsayad sa lupa
Ng ating Binukot na nagpamana
At nauna na dahil sa pandemya
Na ako ang magdudugtong hininga
Sa naghihingalo nating wika.

# 5) Haplos at Hipo

Kandila na nauupos ang hininga.
Walang katabing kapamilya.

Sa screen ng cellphone,
May nginig at takot
Hinahaplos ng isang bata
Ang imahe ng kanyang ina.

Kandila sa “Kanin Cake.”
Wala dapat makitang litson.

Sa screen ng cellphone,
Walang hiya o takot
Hinihipo ng Presidente
Ang ari ng kanyang kasambahay.

**POETIKA**

Marso 2020, nagbago ang buong mundo. Dumating ang pandemya ng Covid. Walang nakapaghanda. Marami ang di makapaniwala at sinubukan pa ring paikutin ang mundo nang normal at magtrabaho o mag-aral pero lahat ay walang nagawa. Lockdown. Bawal lumabas. Bawal maglaro. Bawal makipag-date. Bawal humawak. Di mabilang ang ipinagbawal. Siguro kung pwede lang ipagbawal ng gobyerno ang paghinga eh ginawa rin. Pero kung titingnan ang mga nangyari noong pandemya ay para na ring ipinagbawal ang paghinga. Dahil kung susumahin ay makikitang marami sa mga naging hakbang ng gobyerno ay saliwa sa maayos na pamamahala. Di malaman kung lockdown ba o hindi lockdown. Di malaman kung sino ang pwedeng lumabas. Di malaman kung ilang pulgada ba ang dapat maging distansya sa isa't-isa sa loob ng mga pasilidad at mga sasakyan. Di malaman kung saan tatakbong ospital kapag tinamaan ng sakit. Di malaman kung mapaglalamayan man lang ba ang mga namatay na mga mahal sa buhay. Lahat ay inutusang mamalagi sa bahay at magkulong.

Halos araw-araw ay may mga utos mula sa palasyo na mapapagpakamot na lang ng ulo ng mga tao. Pero ang pinaka-malalang utos ay ang utos na sumunod na lang sa gobyerno. Bawal mag-isip.

Buti na lang ay suwail akong bata. Lumaki akong contrarian. Halimbawa kapag may mga reglamento akong nakikita na palyado eh magsasalita talaga ako. Kaya nga kilalang-kilala ako ng guidance counselor at principal ng aming eskwelahan. Na-ban nga ako sa mga field trip at sa school fair dahil may isinulat akong sanaysay na tungkol sa mga abusadong galawan ng school admin namin na nabasa ng buong faculty. Syempre, sumabog ang mga bumbunan nila sa galit. Binanggit ko sa sanaysay yung korupsyon sa eskwelahan namin tulad ng pwersahang pagbebenta ng mga ticket sa school fair, pagkakaroon ng dental fee kahit walang school dentist, at walang saysay na pagtaas ng tuition fee taon-taon.

Noong tumama ang pandemya bawal mag-isip? Sumunod lang? Neknek mo.

Sa panahon ng pandemya ay lalong naging malikot ang aking isip. Naging makati ang aking mga daliri. Kaya nagsulat ako nang nagsulat. At tulad ng natutunan ko sa mga klase ko sa malikhaing pagsulat, isinulat ko ang mga bagay na bumagabag sa sa akin. Iyon ang mga danas ng mga tao sa panahon ng pandemya.

Ang tulang “ang habi ng hininga” ay dala ng pagkakaroon ko ng kaunting pag-asa na matatapos din ang mga paghihirap ng mga tao. Dala rin ito ng aking mataas na pagtingin sa mga medical personnel na naging mga bayani noong panahon na pagal na pagal na ang bansa. Gusto kong bigyang papugay kahit sa maliit na paraan ang mga taong isinugal ang kanilang mga buhay para lang makagamot ng mga pasyente. Isa rin sa mga adbokasiya ko ay ang pagkilala sa mga katutubo at sa kanilang napakaraming ambag sa lipunan. Sa tula ay gusto kong isipin na ang isang katutubo na tulad ng T’boli ay maaari ring maging doctor. Gusto kong magkaroon ng paghahambing sa pagitan ng pagtatahi ng T’nalak at sa paggamot ng mga pasyente. Kaya ginawa kong magkaroon ng dalawang bahagi lamang ang tula para mas matingkad ang pagkumpara sa pagtatahi at paggamot. Sinubukan ko ring magkaroon ng halos parehong estruktura ang dalawang bahagi para mas mapalakas ang pagkukumpara.

Ang tulang “sayaw ng pandemya” ay pagkukumpara sa mga palpak na mga polisiya ng gobyerno sa isang sayaw. Mahilig kasi akong manood ng mga sayaw at talaga namang sumasama ang loob ko pag nakakakita ako ng mga nagyayabang sa pagsayaw pero wala naman sa hulog ang mga steps tulad ng sandamakmak na tik-tok dancers na napanood ko. Kaya ginamit kong simbulo ng kapalpakan ng gobyerno ang pangit na pagsayaw. Sa huling bahagi ng sayaw ay gusto kong ipakita ang pagkamulat ng mga tao kaya ginawa kong patayuin o patindigin sila. Sapagkat sa pagtindig lamang ng masa matatapos ang paghahari ng gobyernong sablay.

Ang tulang “ang pelikula ng presidente ng pandemya” ay tungkol sa pagmamanipula ng gobyerno sa mga isip ng tao gamit ang fake news. Sa paglista ng iba’t-ibang elemento ng pelikula, sinubukan kong ipakita ang pamamaraan na gamit ng gobyerno para mabudol ang madla at ilihis ang kanilang mga mata sa totoong mga nangyayari para makapagpatuloy sa paghahari. Sa huli ay gusto kong idiin na sa dinami-dami ng mga ginawang pagmamanipula ay wala naman talagang patutunguhan ang lahat. Hindi talaga alam ng gobyerno ang dapat gawin para matugunan ang pangangailangan ng bansa.

Sa tulang “ang tinig ng bagong binukot” ay ninais kong ipakita ang epekto ng pandemya sa mga lugar na kalimitan ay hindi nabibigyang pansin ng media. Ito ang mga lugar ng ating katutubo. Sa pamamaraan kasi ng coverage ng pandemya ng mainstream media ay parang naging isang “urban concern” lamang ang Covid. Nakalimutan na pati ang ating mga kapatid na katutubo ay apektado rin at kung titingnan nga ay mas malala pa ang kanilang dadanasin dahil karamihan sa kanilang mga lugar ay malayo

sa mga ospital. Sa mga katutubo, ang mga binukot ang isa sa mga pinaka-interesante sa akin. Bilang mga napiling taga-memorya ng kasaysayan at panitikan ng kanilang tribo, hindi matatawaran ang kanilang importansya. Kapag namatay sila ay mawawala ang malaking bahagi ng kultura ng kanilang pamayanan. Nagpalala pa na hindi na gusto ng mga kabataan na maging isang binukot at wala nang nakaka-alam ng kanilang wika na Ligbok kundi ang binukot. Kaya ang pagtanggap ng isang babae na maging isang binukot ay malaking bagay.

Ang tulang "Haplos at Hipo" ay pagkukumpara ng dalawang sitwasyon na magpapakita ng kawalang-bahala ng gobyerno sa kapakanan ng tao noong panahon ng pandemya. Dahil sa labis na nakakahawa ang Covid ay maraming pamilya ang nasira. Ang mas malala pa ay hindi man lang mayakap ng mga namatayan ang kanilang kapamilya kahit sa huling sandali. Marami sa kanila ay nakita na lamang sa screen ng cellphone ang huling mga segundo ng kanilang mahal sa buhay. Napakasakit sa puso na marami sa mga namatay ay hindi man lang malapitan ng kanilang kapamilya at mapaglamayan. Dinanas namin ito dahil namatay ang aking lola noong pandemya. Hindi man lang namin napaglamayan nang maayos ang aking lola dahil nilista siya bilang Covid-suspect ng ospital. Kaya nakakagalit na mabalitaan ang ginagawa ng presidente sa kaniyang kasambahay noong pandemya na kinuhanan sa cellphone. Marami nang namamatay pero nagawa pang mambastos ng president at walang hiyang ipakita pa sa marami.

Bilang isang makata na may kakayahang tumingin sa realidad sa ibang pamamaraan, sumasang-ayon ako sa paniniwala na may responsibilidad ako na makapaglabas ng mga akda na may silbi sa lipunan. Sa panahong marami ang nawawalan ng pag-asa sa bayan, ang mga makabuluhang panulat ang isa sa magiging susi para magkaroon ng mga tunay na pagbabago sa lipunan. Hindi maaaring tumulala lamang sa isang tabi dahil lalala ang sitwasyon kapag hindi tumula.